
AY, NAKU... RITA!
BLG. 75 nina PETE & PASTOR
Ang Nakaraan:
HINDI NAKAILA KAY MELBA ANG TUNAY NA SANHI NG PAG-LUHA NI MANG OSCAR. BATID NIYANG INILULUHA NITO ANG KASAWIAN SA PAG-IBIG. SAMANTALA, DAHIL SA PAGKAWALA NI MELBA, AY NAPIPILITANG MANGUTANG KAY TSAK BONG ANG MAG-INA NI RITA. NANG MINSANG SI RITA AY MANGGALING SA TINDAHAN NI TSAK BONG AY NAKITA NIYA SI BERTING. TINAWAG NIYA ITO, NGUNI'T HINDI SIYA PINANSIN...
MALAYO NA SILA BERTING, AY TINATANAW PA SIYA NG NAGDARAMDAM NA SI RITA.
'NONG ARAW AY TINATAWAG NIYA AKO AT BINIBIGYAN PA NIYA AKO NG "BENTE".., NGAYON, PARANG 'DI NA NIYA AKO MAHAL...
KLANG! KANG! KLANG!
SIGURO, AKALA NIYA'Y HIHINGI AKO NG PERA.
OY, OY, HINDI NA PU AKO MUKHANG BENTE GAYA 'NONG ARAW... MABAIT NA PU AKO NGAYON...
MALUNGKOT NA UMUWI SI RITA... NAPANSIN NAMAN AGAD NI ALING SIDRA ANG ANAK, KAYA...
BAKIT RITA... HINDI KA BA PINAUTANG NI TSAK BONG?
HO?? ABA, PINAUTANG PO. O, ETO INAY.
GANON PALA, AY BAKIT KA TILA NAGMAMAKTOL?
KASI HO, E TINATAWAG KO ANG KUYA BERTING, AY HINDI AKO KINIBO. KITANG-KITA NAMAN NILA AKO...
SIYANGA... E SINO ANG KASAMA NIYA?
HMMM... IYON NA NAMAN PALA.
DALAWANG BABAING MAGANDA, IYON PU BANG "MESTISA" INAY.


MAY KATWIRANG MAGDAMDAM ANG ANAK KO... HINDI NGA NAMAN DATING GANOON SI BERTING.
ULI-ULI RITA, AY HUWAG MO NA SIYANG BABATIIN KAPAG KASAMA NIYA ANG MGA IYON, HANE?
OPO INAY.
HALA, MAGDILIG KA NA NG MGA HALAMAN AT AKO NA ANG BAHALA RITO.
O-OO ANAK.
OPO. SIYENGA PALA, MABUTI PA INAY AY DAGDAGAN NINYO ANG NILUGAW...KASI, BAKA MAKAUWI NA NGAYON ANG ATE.
SINUNOD NI RITA ANG UTOS NG INA. SI ALING SIDRA NAMAN AY TULUYAN NG NAPAIYAK...
DIYOS KO... ITULOT PO NINYONG MAKAUUWI NA SI MELBA... HINDI KO NA PU YATA MATATAGALAN ANG PAGHIHIRAP NA ITO NG AKING LOOB.
SAMANTALA, NANG UMAGA RING IYON, SA GUBAT...
MELBA, KAHIT PALA ANO ANG ISUOT MO AY MAGANDA KA...
NAKU, HINDI NAMAN... ALAM NYO MANG OSCAR, MALAKAS NA AKO AT WALA NA AKONG LAGNAT.
MAGALING KONG GANON. NAITO ANG IYONG ALMUSAL, ITLOG ITO NG LABUYO AT ITO NAMA'Y INIHAW NA IBON.
NAKU, PALAGAY KO'Y MARAMI AKONG MAKAKAIN NGAYON.
ABA, KAIGIHAN LAMANG MEL, MAHIRAP NA ANG IKAW AY MABINAT, HANE! TAYKA SANDALI'T TATAWAGIN KO SI KA SELO, UPANG PAGUSAPAN NATIN ANG ATING PAG-UWI.
OHO, MANG OSCAR.
ILANG SAGLIT LANG NAMAN, AT...
MUKHANG MAKAKAUWI NA NGA TAYO OSCAR. MASIGLANG-MASIGLA NA NGA SI MELBA.
KAYO PALA, KA SELO. TOTOO PO ANG INYONG SINABI. MAARI NA AKONG MAKAUWI.
PINULSUHAN PA MUNA NI KA SELO ANG DALAGA AT...
MAAARI NA NGA HU BA?
OO OSCAR.
KUNG GANON AY GAGAYAK NA TAYO.
KUNG SA BAGAY AY HINDI KO PA YATA MAKAKAYA ANG SUMAKAY SA KABAYO-AT TILA KUMAKALOG PA ANG AKING MGA TUHOD, NGUNI'T BAHALA NA.
WALA NA KAYANG MAKAPIGIL SA PAGUWI NILA MELBA?
ITUTULOY
50 HALAL
Kay
Sa pagka
Bb. BULAKLAK NG 1956
MAY BISA HANGGANG SA MAYO 26, 1956